REPUBLIKA NG PILIPINAS
REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
KAGAWARAN NG EDUKASYON
DEPARTMENT OF EDUCATION
DepEd Complex, Meralco Avenue, Pasig City

DepED DEPARTMENT OF EDUCATION

Trunkline : 632-1361
Fax: 633-7231
DETxt: 0919-4560027
Website: http://www.deped.gov.ph

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 281 , s. 2004

JUL 01 2004

PAMBANSANG KUMPERENSIYA SA WIKA

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Punong Guro, Pampubliko at Pribadong Paaralan

1. Ang Pambansang Samahan sa Wika (PSW) na binubuo ng mga guro sa wika sa pagtataguyod ng NCCA, BSU at DFPP, UP ay magdaraos ng Pambansang Kumperensiya sa Wika sa Oktubre 21-23, 2004 sa Benguet State University, La Trinidad, Benguet. Ang tema ng pambansang kumperensiya ay "Mabisang Pagtuturo ng Wikang Filipino: Tuon, Tunguhin at Estratehiya".

2. Ang layunin ng kumperensiya ay ang mga sumusunod:

a. Mapagsama-sama ang mga superbisor, tagapangulo ng departamento at nagtuturo ng Wikang Filipino, Panitikang Pilipino, mga Panitikan ng Pilipinas at Kursong Rizal upang makapagpalitan ng mga pananaw at karanasan sa kanilang pagtuturo at pananaliksik;
b. Mataya ang istatus ng Wika at Panitikan ng Pilipinas sa iba't ibang lebel ng pag-aaral;
c. Maitaas ang kaalaman, kamalayan at kahusayan sa pagtuturo ng Wikang Filipino at Panitikan sa iba't ibang lebel ng pag-aaral;
d. Matukoy ang mga suliranin sa pagtuturo at pananaliksik upang malapatan ng mga angkop na lapit at solusyon; at
e. Makatulong sa paglinang ng Academic Excellence at propesyonalismo sa disiplinang Filipino at Panitikan.

3. Inaanyayahang dumalo sa kumperensiyang ito ang mga superintendent at principal, tagapangulo at kaguruan ng Departamento ng Filipino sa lahat ng antas ng pag-aaral sa iba't ibang bahagi ng bansa. Maaari ring dumalo ang kaguruan buhat sa ibat't ibang departamento o disiplina. Ang mga guro mula sa pampublikong paaralan ay maaring dumalo sa **opisyal na oras lamang**.

4. Ang rehistrasyon ay Tatlong Libo (PhP3,000.00) na ibabayad ng bawat delegado na ilalaan sa pagkain, hand-awts at conference kit.

5. Ipadala ang reserbasyon bago dumating ang Oktubre 15, 2004 kay: Dr. Pamela Constantino, Direktor, 2004 PSW Pambansang Kumperensiya, BR 2079, KAL, UP Diliman o tumawag sa tel. blg. 924-4899/ telefax 929-0113.

6. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito sa mga kinauukulan.

EDILBERTO C. DE JESUS
Kalihim

lilian, MPPD, MABISANG PAGTUTURO SA WIKANG FILIPINO
June 23, 2004

Sanggunian : Wala

Pamumudmod: —(D.O. 50-97)

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

CONFERENCES
Learning Area, FILIPINO
OFFICIALS
SOCIETY or ASSOCIATIONS
TEACHERS